## Karapatan ng isang bata:

1. mabuhay
2. maisilang
3. Mabigyan ng pangalan at nasyunalidad
4. Disente at maayos na pamumuhay
5. Makasama ang pamilya
6. Maging malakas at malusog
7. Serbisyong pang-kalusuga
8. Mabigyan ng edukasyon
9. Makapaglaro at makapagpahinga
10. Makipag-ugnayan sa mga magulang
11. Malayang pag-iisip, konsensya, at relihiyon
12. Laban sa lahat ng karahasan
13. Seguridad sa panahon ng giyera
14. Magpahayag at mapakinggan
15. Magbagong-buhay
16. Malayang pakikisalamuha
17. Access sa impormasyon at paggamit sa mass media
18. Karapatan laban sa diskriminasyon
19. Pinakamagandang kapakanan
20. Pagiging pribado

*IEC NO.: IEC-S2018-0007*


### Reference:

*Philippine Commission on Women*

*'Listahanan,' or the National Household Targeting System for Poverty, Department of Social Welfare and Development (DSWD)*

*Department of Labor and Employment*

*The Regional Human Rights Commission (RHRC) of the Autonomous Region in Muslim Mindanao (ARMM)*



PRODUCED BY:

**Agricultural Training Institute**
Regional Training Center IV-A


### *Follow us*


www.ati.da.gov.ph/calabarzon

atirtc4a@gmail.com

www.facebook.com/ATICalabarzon

@aticalabarzon

@aticalabarzon


### FOR MORE INFORMATION CONTACT US


8575 Camerino St. Brgy. Lapidario, Trece Matires City, Cavite

( 046 ) 419 02 10

atirtc4a@gmail.com



**Agricultural Training Institute**
Regional Training Center IV-A
8575 Camerino St. Brgy Lapidario,
Trece Martires City, Cavite


# MGA KARAPATAN NG BATA



## MGA KARAPATAN NG BATA

Ano ang child labor?

Ang Child labor ay tumutukoy sa sapilitan o sadyang pag trabaho ng isang menor de edad dahil dito hindi nila nararanasan ang pagkabata at naapektuhan ang kanilang pag-aaral.

Mayroong mahigit na 85,570 na mga bata na hindi bababa sa edad na 18 taong gulang ang nagtatrabaho sa sektor ng agrikultura. Tinuturing na mapanganib para sa mga bata ang mga gawain sa pagsasaka dahil sila ay na-eexpose sa mga pataba at pestisidyo, pati na rin ang pagdadala ng mga mabibigat na bagay.

Ito ay mga alintuntunin kung saan binibigyan diin ang mga mapanganib na gawain sa sakahan na ipinagbabawal na gawin ng isang bata ayon sa Department of Labor and Employment (DOLE). Ito ang mga sumusunod:

**I. Mga gawain sa sakahan o bukid na mapanganib sa 18 taong gulang pababa:**

1. Mga gawain tulad ng paghahanda ng lupa para sa pagtatanim tulad ng paglilinis ng sakahan, pag-aararo, pagpapatubig, pagpapatayo ng dike, at pagpuputol.

2. Mga gawain tulad ng grafting, budding, at *marcotting*.

3. Mga gawain na may kinalaman sa pagkontrol ng damo tulad ng paggamit at pag-spray ng mga nalalasong kemikal tulad ng pestisidyo, pataba, mga lason para damo, at iba pang nakakalasong mga kemikal; kasama na din dito ang pagbubuhat ng mabibigat na bagay tulad ng knapsack sprayer.

4. Mga gawain sa pag-aani tulad ng pagpuputol at pagbubuhat ng ani, pagbibilad, pagkakarga, pagsusunog, at paggiik.

5. Mga *post-harvest* na gawain tulad ng:
   - Pagtatanggal ng balat o *de-husking*
   - Paggawa ng uling
   - Pagkakarga ng mga produkto gamit ang hayop tulad ng kalabaw o baka
   - Pagbubuhat at pagbaba ng mga *packed farm products*
   - Pagkokopra
   - Paglilinis at pag-recycle ng mga *farm waste* upang gamitin bilang pagkain ng hayop at iba pa.

**II. Mga ipinagbabawal na gawain para sa mga bata sa livestock farming o paghahayupan:**

6. Mga gawain na kasama sa pagpapalaki ng hayop tulad ng pangongolekta, pagdadala, pagbababa, at paghahatid ng pagkain ng hayop.

7. Pagpapanatili at pag-aalaga ng malalaki at mapanganib na hayop.



(c) Pat Hocchuan

8. Pagkolekta at pagtatapon ng mga katawan ng patay na hayop, mga dumi, at iba pang *waste materials*.

9. Pagsasagawa ng pagbabakuna ng gamot at bitamina.

10. Paggamit ng *disinfectants* o kemikal para sa pagpatay ng mikrobyo na gamit panglinis ng kulungan ng hayop.

11. Mga gawain tulad ng panghuhuli, pagkolekta, pagpapastol, at paggagatas.

12. Mga gawain tulad ng pagpoproseso at *packaging* ng mga dairy o produkto mula sa gatas.

13. Mahigpit na pinagbabawal ang pagtatrabaho ng menor de edad sa mga *slaughter house*.

**Ano ang WCP?**

Ang mga batang wala pang 15 taong gulang ay hindi pinahihintulutang magtrabaho sa anumang pampubliko o pribadong establisyemento maliban kung sila ay direktang gumagawa sa ilalim ng responsibilidad ng kanilang mga magulang o tagapag-alaga o kung ang kanilang pakikilahok ay para public entertainment or public information. Ang Working Child Permit (WCP) ay permit na kinakailangan ng isang employer, magulang o tagapag-alaga mula sa DOLE para sa sinumang bata na may edad na 15 taong gulang pababa. Maaring kumuha ng WCP sa pinakamalapit na DOLE Field Offices (FOs).